



# Ang Paraiso na Naging Sakripisyo

**Very risky business:** flirting with a fatal fall is daily trade for these construction workers, who work without harnesses and other safety gear. Employers continue to openly defy laws on Filipino workers' safety and welfare.

■ Ni Jerbert M. Briola

**H**INDI maitatago ang sumisidhing krisis pang-ekonomiya. Fiscal crisis. Ang nakaumang na senaryong ala-Argentina - na nag-default o hindi muna magbayad ng utang ngunit nagdulot ng pang-ekonomiya't pampulitikang krisis sa nasabing bansa. Budget deficit. Mula pa 1998, tuloy-tuloy ang budget deficit na mula P50 Bilyon ay naging P202 Bilyon noong 2003. Debt crisis. Ang paglaki ng utang at pambayad utang ay isa sa hindi maitatangging dahilan ng krisis pang-ekonomiya. Ang national debt ay tumayang umabot sa P3.81 trilyon noong 2004. Ito ay halos katumbas ng 80% ng Gross Domestic Product (GDP) ng bansa.

## "Maghigpit ng sinturon."

Ito ang panawagan ng administrasyong Arroyo sa gitna ng dinedilubiyong ekonomiya ng bansa. Maisusuma sa isang salita ang solusyong inireseta ng gobyerno sa krisis: sakripisyo. Noong 'pre-inaugural address' ni Pangulong Arroyo, iniharap niya sa mamamayan ang kanyang 10-point agenda upang tugunan



**Waiting for a job call:** Filipino seafarers take a break while processing their employment documents at one of the employment agencies near Luneta.

ang lumalalang krisis pang-ekonomiya.

Makatotohanan man o hindi ang mga economic targets ng gobyerno, ang mga ito ay balewala sa mga manggagawa na palaging una at palaging nagsasakripisyo ngunit huli sa benepisyo.

Natural na kasabay ng peligro sa ekonomiya ay ang patuloy na pagsasara ng mga pabrika at establisyemento. Ayon sa Partido ng Manggagawa (PM), 8,413 kumpanya na ang nalugi at nagresulta sa dislokasyon ng 217,179 mang-

Sa harap ng krisis at atrasadong lagay ng ating mga industriya ay nakaligtaang banggitin ng gobyerno, sadya man o hindi, ang naging pangunahing papel ng patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon alinsunod sa doktrina ng globalisasyon.

gagawa mula 2000 hanggang 2002. Kalakhan sa mga pabrikang nagsara, 64.62%, ay nasa National Capital Region at karamihan din sa mga nawalan ng trabaho, 57.68%, ay galing din sa naturang rehiyon. Kaugnay nito, umakyat na rin sa 'double-digit' ang unemploy-

ment rate, 11.0% noong naka-raang taon, at naging 11.3% nitong Enero 2005.

Sa harap ng krisis at atrasadong lagay ng ating mga industriya ay nakaligtaang banggitin ng gobyerno, sadya man o hindi, ang naging pangunahing papel ng patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon alinsunod sa doktrina ng globalisasyon. Hindi kaila ang malaking papel ng International Monetary Fund (IMF), World Bank (WB), at iba pang pandaigdigang institusyon sa pananalapi sa pagsusulong ng mga polisiyang ito.

Ayon sa IMF-WB, ang pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay sa liberalisasyon - pagbubukas ng ekonomiya, pribatisasyon - ang pagsasapribado ng mga kumpanyang pag-aari ng pamahalaan, at deregulasyon - ang pagtanggaling ng mga restriksyon sa pamumuhunan at pamilihan. At sa pamamagitan lang ng pagpapatupad ng mga Structural Adjustment Programs (SAPs) ay maaaring makinabang ang bansa sa Structural Adjustment Loans (SALs) o mga programang pautang ng IMF at WB. Sa tingin ng gobyerno, ito ang solusyon sa krisis.

Ngayon, ang mga patakarang ito ay lalong pinaigting upang makasabay daw ang ekonomiya sa dagat ng globalisadong kompetisyon at sa gayon ay makabuwelo nang husto ang naantalang industriyalisasyon ng bansa.

### Krisis pagkatapos ng krisis

Noong 1970, sa dikta ng IMF-WB, pinagtibay ni Marcos ang pagpapatupad ng 'export-oriented industrialization strategy' na nakasalalay sa 'comparative advantage' ng bansa - 'cheap labor.' Matingkad na mga usapin noong mga panahong ito ang unti-unting pagkabaon sa utang ng gobyerno, pagbaba ng halaga ng piso, pagliit ng halaga ng sahod, at pagkaubos ng reserbang dolyar.

Ipinatupad ni Marcos ang 'labor export policy' upang pansamantalang tugunan ang sobrang dami ng mga Pilipinong walang trabaho o tinatawag na 'labor surplus.' Tiyempo namang "oil boom" noon sa Middle East at malaki ang pangangailangan sa mga



Seafarers waiting for their employment papers stand beside prominent notices of loan offers.

dayuhang trabahador. Kaya ito ang naging pangunahing destinasyon ng mga migranteng Pilipinong manggagawa bilang engineers, construction workers at iba pa. Sumulpot din sa bansa ang mga 'labor-intensive, export-oriented industries' tulad ng mga 'free trade zones' na karamiha'y nasa 'electronics assembly work.'

Taong 1972, hindi na maibsan ang krisis ng bansa - naghilingalo ang ekonomiya, lumobo ang utang ng gobyerno, baon sa kahirapan ang mga tao, at magulo ang kalagayang pampulitika. Idineklara ni Marcos ang Martial Law. Panahon na bawal ang welga. Matindi ang pagsikil sa mga karapatang pantao. Ang ugnayan sa pagitan ng manggagawa't kapitalista ay kontrolado ng gobyerno o tinatawag na 'labor control system.' Itinatag ang National Labor Relations Commission (NLRC), nireorganisa ang mga unyon ayon sa linya ng industriya at lahat ay dapat nakarehistro sa Trade Union Congress of the Philippines (TUCP).

Bagama't lumaki ang Gross

National Product (GNP) na umabot sa 7% kada taon simula noong 1970s, palpak ang 'export-oriented industrialization strategy' na inireseta ng IMF-WB.

Bago pa dumating ang dekada '80, patungo na sa resesyon ang ekonomiya at tumindi ang kakulangan sa pondo ng bansa.

Noong 1977, wala sa limang porsyento ang 'manufacturing output' ng mga 'export-oriented industries' at halos lahat ng industriya ay nakadepende sa mga 'imported raw materials.' Katunayan ang buong kita ng mga 'export-oriented industries' ay hindi sapat upang punan ang maliit na kita mula sa mga pangunahing kalakal ng bansa tulad ng minerals at timber.

Sa kontekstong ito pumasok ang Structural Adjustment Programs (SAPs) ng IMF at WB na nagtataguyod ng lalo pang pagbubukas ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga restriksyong gaya ng taripa, regulasyon ng gobyerno, reperma sa pananalapi, at ang ibayong pagpapaunlad ng mga 'export-oriented industries.'

Ang mga industriyang ito ay karaniwang matatagpuan sa mga free trade zones tulad ng Bataan Export Processing Zone (BEPZ), Mactan Export Processing Zone (MEPZ), at Export Processing Zone sa Baguio.

Mahigit na \$200 milyon ang paunang pautang ng IMF at WB sa gobyernong Marcos na bahagi ng Structural Adjustment Loans (SAL) kapalit ng pagpapatupad ng SAPs sa bansa. Pero ang nangyari lalong lumobo ang utang panlabas, kaunti ang bilang ng nalikhang trabaho, lumiit ang labis na halaga ng paggawa dahil hindi naman kasabay na tumataas ang produktibidad, at bumagsak ang ekonomiya ng bansa. Sa madaling salita, pinsala ang dala nito sa kabuuang ekonomiya lalo na sa lokal na industriya't agrikultura.

### Mababang pasahod, 'cheap labor'

Bagaman wala na si Marcos, ipinatupad pa rin ng gobyernong Aquino at Ramos ang mga patakarang export-oriented industrialization at cheap labor na itinakda ng IMF at WB. Ang unang tinamaan sa ibayong pagpapatupad nito ay walang iba kundi ang mga manggagawa't unyon.

Sa kabilang banda, natulungan ng mga patakarang ito ang mga kapitalista't mamumuhunan upang maimpluwensiyahan o maitakda nila ang mga batas at polisiya sa paggawa. Bagama't kinikilala ng ating Saligang Batas at mga batas paggawa ang mga karapatan ng manggagawa, kapansin-pansin ang pagpaipagting sa 'labor flexibility' at cheap labor na mga polisiya.

Pinag-ibayo at pinalawak din ng gobyernong Aquino ang pagpapatupad ng SAPs sa pamamagitan ng pagbabalik ng 'import liberalization program' (sinuspinde ni Marcos noong 1983), ng pagtanggaling ng suporta at restriksyon sa ilang pampublikong kumpanya at korporasyon, at ng pagpapatupad ng pribatisasyon.

Sa mga panahong ito naging kapansin-pansin ang papalaking bilang ng mga "wage workers," isang matingkad na katangian ng atrasadong industriyalisasyon ng bansa. Natural ito dahil ang tanging comparative advantage ng



For those with hardly any capital, itinerant vending is a grueling option.

bansa ay cheap labor. Dagdag pa rito, dahil labor-intensive ang produksiyon sa ilalim ng export-oriented strategy, 'semi-skilled' ang mga manggagawa na karamiha'y kababaihan at mababa ang sahod. Sila ay matatagpuan sa assembly lines ng electronics, toys, parts, garments at iba pang produktong pangkalakal na gawa ng "non-traditional" manufacturing enterprises.

Nauso rin ang 'subcontracting' lalo na sa mga export-oriented industries tulad ng garments at footwear factories. Ito ay dahil sa pagbubukas ng bansa sa "malayang kompetisyon" kung saan ang mga garments, automotive parts, toys, at iba pang 'export products' ay kabilang sa international subcontracting na ang mga may-ari ay nasa abroad.

Ang pag-amyenda sa Labor Code noong 1989 o ang Herrera Law (R.A. 6715) ay masasabing pag-angkop ng mga patakaran sa paggawa para sa ibayong pagbubukas ng bansa sa "malayang kompetisyon." Samu't saring mga polisiya at programa tulad ng mga "industrial peace zones" ang pinagtibay upang hikayatin ang mga dayuhang mamuhunan. Hindi man direktang ibinawal ang pag-uunyon, ang mga lokal na pamahalaan ay binigyang layang ideklara ang kanilang nasasakupan na "strike-free zone" at "union-free zone" tulad sa Cavite Export Processing Zone (CEPZ) noong panahon ni Gov. Remulla.

Tahimik ang gobyerno hinggil sa 'labor-only contracting (LOC) schemes' ngunit ayon sa Labor Code ito ay ilegal. Tulad ng ibang batas sa bansa, maraming butas ang Labor Code na nagbigay daan upang maikutan ito ng mga kapitalista. Ang mga Department Orders (DO) ng Department of Labor and Employment (DOLE) ay lalo ring nagpakumpli sa halip na makapaglinaw sa isyu ng LOC. Lalong namayagpag ito sa maraming pagawaan at empresa at dumagsa ang mga manggagawang kaswal, part-time, at contractual mula 1996 hanggang 2002.

Ayon sa International Labor Organization (ILO), simula 1992 halos 73% ng pabrika at establisyemento sa bansa ay gumagana sa ilalim ng iba't ibang "flexible working arrangements" tulad ng labor-only contracting, "consignment" hiring, agency hiring at subcontracting. Batay sa Philippine Labor Flexibility Survey noong 2000, dalawa sa bawat tatlong establisyemento ay nag-eempleyo ng mga di-regular na manggagawa. Halos kalahati o 46.6% ng mga "unskilled operators" sa 1,208 na establisyementong na-survey ay di-regular ang istatus sa trabaho; sila ay pawang mga mga contractual, temporary, part-time o agency-hired. Ganito rin ang kalagayan ng 30% "skilled operators" at 41% ng "sales and service workers" na kasama sa nasabing pag-aaral.

### Bilang ng manggagawa sa bawat grupo ng tipo ng trabaho sa mga establisyemento na may 10 manggagawa pataas ('000)

	1996	1997
Female workers	973	1,077
Young workers (15-24 yrs. old)	297	385
Minimum wage earners	640	794
Time-related workers	2,465	2,691
Piece-rated workers	69	89
Task or "pakyao" workers	32	40
Commission workers	119	170
Part-time workers	51	63
Casual workers	108	134
Contractual workers	320	401

Source: Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES)

Habang pinupulbos ng pandaigdigang kompetisyon ang lokal na agrikultura't industriya, ang 'labor export industry' ang sumasalba sa naghihingalong ekonomiya ng bansa. Dati ang labor export ay pansamantalang lunas o 'stop-gap measure' lamang para tugunan ang lumalaking bilang ng walang trabaho at mapunan ang nasasaid na reserbang dolyar ng bansa.

Ngunit ngayon ay hindi na. Simula pa noong dekada sitenta patuloy na lumalaki ang bilang ng mga migranteng Pilipinong manggagawa. At sa matagal na panahon, ang kanilang dollar remittances na ngayon ay umaabot na sa \$8.5 bilyon, ang patuloy na sumasagip sa kabuhayan ng bansa.

### OFWs' remittances, % sa Gross National Product (GNP)

Taon	OFWs' remittances (bilyon dolyar)
2000	\$ 6.0
2001	6.3
2002	7.2
2003	7.6
2004	8.5

Source: Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)

### Solusyon na naging problema

Sa halip na amining hindi pa tayo handang sumali sa pandaigdigang kompetisyon sa ilalim ng globalisasyon, ang solusyon ng gobyerno sa krisis ay ibayong liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

Sa ilalim ng 'Philippines 2000' ng dating Pangulong Ramos, taong 1995, sumali ang bansa sa General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) na kalaunan ay kinilala bilang World Trade Organization (WTO). Dahil sa GATT-WTO, lalo pang nagbukas ang ating pamiliha't ekonomiya sa mga dayuhang produkto kabilang ang agrikultura't serbisyo. Sa paghahabol na gawing kaakit-akit ang lokal na ekonomiya at makakuha ng maraming dayuhang kapitalista, ipinatupad ni Ramos ang pagbabawas ng taripa at 'market-oriented hiring schemes' o mas kilala sa tawag na labor flexibilization.

## EMPLOYED PERSONS BY MAJOR INDUSTRY GROUP

January 2004 - April 2005 (in thousands)

Industry Group	Apr2005 /p p/	Jan2005 p/	Oct2004	Jul2004	Apr 2004	Jan2004
<b>Total</b>	<b>32,217</b>	<b>31,634</b>	<b>31,741</b>	<b>31,632</b>	<b>31,533</b>	<b>31,547</b>
<b>Agriculture</b>	<b>10,992</b>	<b>11,359</b>	<b>11,785</b>	<b>11,450</b>	<b>11,113</b>	<b>11,174</b>
Agriculture, Hunting and Forestry	9,629	9,949	10,420	10,082	9,775	9,775
Fishing	1,363	1,410	1,365	1,368	1,338	1,399
<b>Industry</b>	<b>5,236</b>	<b>4,977</b>	<b>4,879</b>	<b>4,933</b>	<b>5,130</b>	<b>5,050</b>
Mining and Quarrying	135	129	96	114	138	123
Manufacturing	3,201	2,995	3,020	3,056	3,063	3,104
Electricity, Gas and Water	119	128	121	110	137	110
Construction	1,781	1,725	1,643	1,653	1,792	1,713
<b>Services</b>	<b>15,989</b>	<b>15,298</b>	<b>15,076</b>	<b>15,250</b>	<b>15,290</b>	<b>15,322</b>
Wholesale & Retail Trade, Repair of Motor Vehicles, Motorcycles & Personal & Household Goods	6,398	5,910	5,788	5,901	5,974	5,823
Hotels and Restaurants	877	836	798	805	791	830
Transport, Storage and Communication	2,387	2,526	2,446	2,465	2,359	2,436
Financial Intermediation	364	304	298	348	339	327
Real Estate, Renting and Business Activities	776	711	702	691	669	697
Public Administration & Defense, Compulsory Social Security	1,497	1,436	1,450	1,414	1,623	1,478
Education	958	959	958	976	882	937
Health and Social Work	377	382	361	375	341	365
Other Community, Social & Personal Service Activities	843	763	809	782	868	879
Private Households with Employed Persons	1,511	1,469	1,465	1,491	1,443	1,548
Extra-Territorial Organizations & Bodies			1	2	1	2

Source: National Statistics Office (NSO)

**Depleted fishery resources: Years of overfishing, and destructive and unsustainable fishing methods have taken a toll on the country's marine resources. Artisanal fishermen have to spend more time at sea yet head home with fewer fish catch.**





**When employment opportunities are not available, enterprising housewives try their hand at home-based livelihood ventures like handcraft making.**

Bagaman nagpalit ng industrialization strategy ang bansa mula sa palpak na 'import substitution' ay naging export-oriented, patuloy na humina ang kapasidad ng mga pangunahing industriyang lumikha ng bagong trabaho o ang sinasabing 'labor absorptive capacity.' Kung susuriin, sa labor force ng bansa, 14-15% lamang ang may trabaho at 9-19% lamang dito ang nasa manufacturing.

Samantala, ang agrikultura na may pinakamalawak na produksiyon sa bansa ay hindi na makalikha ng bagong trabaho para sa manggagawa dahil bumaba ng halos 50% ang kakayahan ng industriyang makalikha ng empleyo. Lohikal lamang na humantong ito sa biglaang pagtaas ng unemployment rate at lumaki rin ang bilang ng mga nagtatrabaho sa service sector at informal sector na pawang mga "catch basins"

Kalamidad ang idinulot ng liberalisasyon sa lokal na agrikultura. Dahil sa pagbaba ng taripa, naging mura ang mga imported na produktong agrikultural na lalabanan sa merkado ng lokal na mga magsasaka.

agrikultural. Ayon sa AFMA, ang pagbawas ng subsidyo at pagtanggap ng mga restriksiyon sa mga lokal na produktong agrikultural ay makahihikayat ng mga pribadong mamumuhunan sa sektor na lubos nangangailangan ng kredito o kapital para sa modernisasyon ng sistema ng produksiyon.

Ngunit kalamidad ang idinulot ng liberalisasyon sa lokal na agrikultura. Dahil sa pagbaba ng taripa, naging mura ang mga imported na produktong agrikultural na lalabanan sa merkado ng lokal na mga magsasaka. Sa katunayan, ang kabuuang produksiyon ng export at home-oriented subsectors ng industriya tulad ng asukal at bigas ay bumagsak. Sa ngayon tayo ay umaangkat pa ng mga produktong agrikultural tulad ng bigas, mais, asukal, poultry products, at prutas. Ang taunang produksiyon ng agrikultura ng bansa ay umabot lamang sa 0.23% mula 1994 hanggang 1998 at ito ay pinakamababa kum-

**The weakened capacity of the agriculture sector to absorb labor drives rural folk to seek livelihood opportunities in the urban centers, where job prospects are just as grim.**



dahil sa dami ng walang trabaho sa bansa.

Hindi rin nakaligtas ang lokal na agrikultura sa epekto ng liberalisasyon at "malayang kompetisyon." Noong 1997, isinabatas ang Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) o RA 8435 na nagsusulong ng liberalisasyon ng sektor ng agrikultura at pagpasok ng mga imported na produktong

para sa ibang bansa sa rehiyon. Bagama't nasa service sector ang 45% ng kabuuang labor force, hindi pa rin ito sapat upang saluhin ang 1.5 milyong manggagawang nawalan ng trabaho sa agrikultura.

Ang pinsalang hatid ng export-oriented industrialization at ng liberalisasyon ng ekonomiya ay makikita sa dami ng mga manggagawang walang trabaho o labor surplus, sa patuloy na pagsasara ng mga pabrika, sa lumiliit na direktang dayuhang puhunan, at sa patuloy na paglaki ng utang panlabas. Sa ngayon, tila mas madali pang manalo sa lotto kaysa makahanap ng trabaho kaya kinakagat ng mga manggagawa ang trabaho kahit lubhang napakaliit ng sahod, walang benepisyo at hindi maayos ang kondisyon sa paggawa. At kung magkatrabaho man, karaniwan pansamantala lang.

Noong nakaraang taon, 217,000 Pilipino (0.6%) ang dumagdag sa 35.6 milyon labor force ng bansa. Ang bilang naman ng mga walang trabaho ay nadagdagan ng 130,000 at tinatayang aabot na sa 4.03 milyon. Napakarami pa rin sa mga nakahanap ng trabaho ay part-time lamang o napakababa ng kita kaya't patuloy pa ring naghahanap ng trabaho o 'underemployed.' Ayon sa ulat ng Philippine Overseas Employment Authority (POEA), umaabot sa 2,800 kada araw ang bilang ng mga dokumentadong Pilipinong umaalis upang magtrabaho sa ibang bansa. Sa katunayan, umabot na sa 502,772 ang mga migranteng trabahador sa buwan ng Enero hanggang Hunyo 2005.

Dahil din sa mahigpit na kompetisyon mula sa mga imported na produktong bumaha sa ating merkado, halos kalahating milyong manggagawa sa 'manufacturing' ang natanggal mula 1985-2000 o 59% ng kabuuang bilang ng mga natanggal nung panahong iyon.

Kung susumahin, kapabayaan ng gobyerno at palpak na patakaran ang dalawang pangunahing dahilan bakit bangkarote ang industriyalisasyon ng bansa. Hindi epektibong nagamit ng gobyerno ang kita mula sa lokal at dayuhang mamumuhunan upang paunlarin ang pisikal na imprastruktura at "human capital" ng bansa - ang mga manggagawa. Hindi tayo nakaalpas sa 'assemble-type' manufacturing at bangkaroteng sistema ng produksiyon sa agrikultura. Dahil dito mananatiling cheap labor ang comparative advantage ng bansa at patuloy na yuyurakan ang karapatan ng mga manggagawang Pilipino.

Kailangan ding masusing suriin ang uri ng liberalisasyon at globalisasyong isinusulong ng mauunlad na bansa. Tu-tuong tadtad ng suliranin ang ating ekonomiya kaya nahihirapan tayong makipagkumpetensya pero hindi rin makatarungan ang mga polisiya at istruktura ng globalisasyong pinangungunahan ng WTO.

Sampung taon na ang nakalilipas mula nang sumali ang Pilipinas sa GATT-WTO ngunit ni hindi man lang maaninaw ang paraisong ipinangako ng mga patakarang ito, bagkus ay puro sakripisyo ang inabot ng mamamayan lalo na ng mga manggagawa



**Wheel-chair bound but still productive: a worker at the *Tahanang Walang Hagdan*, which produces handicraft of export quality.**

## Alamin ang invong mga KARAPATAN

### Ano ang 'night shift differential'?

Ayon sa Chapter 1, Book 3 ng Phil. Labor Code (PLC), ito ay dagdag na bayad sa mga manggagawang magtatrabaho sa pagitan ng alas diyes ng gabi hanggang alas sais ng umaga. Ang halaga nito ay 10% ng regular na sahod bawat oras.

### Magkano naman dapat ang 'overtime pay'?

Ang pagtatrabaho ay itinuturing na 'overtime' kapag ginawa lampas sa regular na walong oras sa isang araw. Ang karagdagang bayad ay hindi dapat bumaba sa 25 porsyento ng regular na sahod. (Chapter 1, Book 3, PLC)

Dapat ding bayaran nang doble sa regular na sweldo ang mga empleyadong pagtatrabahuhin sa mga araw na itinuturing na piyesta opisyal o 'legal holidays.'

### Alam ba ninyo na . . .

Tungkulin ng 'employer' na maglagay ng 'first-aid kit' sa lugar ng trabaho at magbigay ng libreng serbisyong medikal at dental para sa mga empleyado. (Chapter 1, Book 4, PLC)

### Alam ba ninyo na . . .

Hindi dapat bawasan ng 'employer' ang sweldo ng manggagawa pwera na lang sa mga sumusunod na sitwasyon:

- 'Insured' ang empleyado at ang aawasin ay 'counterpart' niya para mabayaran ang 'premium' ng insurance;
- Ang aawasin ay 'union dues' kung saan ang unyon ay kinikilala ng 'employer' at ang pag-awas ay pinayagan ng manggagawa at;
- Kung pinayagan ng batas na mag-awas ang 'employer.'

Illegal ding ipagkait ng sinuman ang anumang bahagi ng sweldo ng isang manggagawa o bawasan ito bilang kapalit ng pangakong bibigyan pa ng trabaho o hindi tatanggalin sa trabaho ang isang empleyado.

Magkakasala rin sa batas ang mga 'employers' na hindi magpapasweldo o magbabawas sa sweldo ng mga empleyadong nagreklamo o nagkaso laban sa kanila. (Chapter 4, Title II, Book III, PLC)